H E K A S I 6

Modified In-School Off-School Approach Modules (MISOSA)

**Distance Education for Elementary Schools**

**SELF-INSTRUCTIONAL MATERIALS**



# LIKAS NA YAMAN: MAHALIN AT PAGYAMANIN


**Department of Education**
**BUREAU OF ELEMENTARY EDUCATION**
**2nd Floor Bonifacio Building**
**DepEd Complex, Meralco Avenue**
**Pasig City**

**Revised 2010**
by the Learning Resource Management and Development System (LRMDS),
DepEd - Division of Negros Occidental
under the Strengthening the Implementation of Basic Education
in Selected Provinces in the Visayas (STRIVE).

*Section 9 of Presidential Decree No. 49 provides:*

***"No copyright shall subsist in any work of the Government of the Republic of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit."***

This material was originally produced by the Bureau of Elementary Education of the Department of Education, Republic of the Philippines.


This edition has been revised with permission for online distribution through the Learning Resource Management Development System (LRMDS) Portal (http://lrmds.deped.gov.ph/) under Project STRIVE for BESRA, a project supported by AusAID.

**GRADE VI**

# LIKAS NA YAMAN:  MAHALIN AT PAGYAMANIN

## ALAMIN MO

Pagmasdan mo ang larawang nakatala



Ano ang nakikita mo sa larawan?

Nasisiyahan ka bas a pagmamasid sa mga larawang ito?

Bakit kinakailangan mong ingatan at pagyamanin ang  mga tanawing ito? Halika na at basahin mo ang tamang paglinang at pagpapayaman ng likas na yaman.

## PAGBALIK-ARALAN MO

Uriiin mo kung anong likas na yaman ang mga sumusunod:

1. coral
2. ginto
3. hipon
4. bulaklak
5. manganese
6. alimango
7. ibon
8. bakal
9. punongkahoy
10. kalabaw

## PAG-ARALAN MO

Likas na Yaman, Mahalin at Pagyamanin

Likas na Yaman biyaya sa Kapuluan
Lupa, pangisdaan, minahan, kagubatan
Mahalaga sa kabuhayan ng mamamayan
Nakasalalay s pag-unlad ng bayan

Lupa, batayan ng Kaunlarang pambansa
Na dapat alagaan at pagyamanin
Upang mapakinabangan ang lupang taniman
Ng mga magsasaka at mamamayan din

Kagubatan malaking nagagawa
Humahadlang sa pagsugpo na baha
Sinisipsip ng mga ugat ng mga puno sa gubat
Sa gayon, maiiwasan ang anumang kalamidad

Pangisdaan, malaking kapakinabangan sa bansa
Batas at Kautusan ng pamahalaan, ipinanukala
Sa maayos na paglilingkod ng mangingisda
Kasaganaan sa industriya matatamasa

Sa mineral, hindi pahuhuli ang bansa
Mayaman sa mineral, metal at di-metal
Nangunguna sa ginto,bakal, pilak at tanso
Naipagbibili sa mataas na uring pangkomersiyo

Mahalin at pagyamanin ang likas na yaman
Maging maingat at matalino sa pagpapasiya
Magtulungan tayo sa ating kaunlaran
Na tutugon sa pangangailangan n gating mamamayan

## PAGSANAYAN MO

Makakaya mo na kayang sagutin ang mga tanong.
Magaling! Hinahangaan

1. Anu-anong uri ng likas na yaman ang nabanggit sa titulo?
   a. yamang lupa
   b. yamang gubat
   c. yamang mineral
   d. lahat ng nabanggit

2. Ano ang malaking naitutulong ng kagubatan sa pamumuhay ng tao?
   a. Tinatayuan ng pabrika at kemikal
   b. Humahadlang at sumusugpo sa pagbaha sa kapatagan
   c. Ginagawang tapunan ng basura
   d. Ginagawang tipunan ng pagpupulong ng mga kaingero

3. Paano nakatutulong sa kabuhayan ng bansa ang yamang lupa?
   a. nakatutulong sa hanapbuhay ng magsasaka
   b. nagbibigay ng magandang kabuhayan sa mamamayan
   c. Nakasalalay dito ang buhay ng tao,halaman at hayop
   d. Lahat ay tama.

4. Paano mo malilinang at magagamit nang wasto ang mga likas na yaman. umago ang negosyo
   a. Makisama sa mga gumagawa nang hindi tama
   b. Kumilos nang mabilis upang kumita nang malaki
   c. magtulungan at pagyamanin nang wasto ang likas na yaman
   d. Ipagwalang bahala na ito at iaasa na lang sa pamahalaan

5. Bakit mahalaga ang wastong paggamit ng likas na yaman?
   a. maitaguyod ang sariling kapakanan
   b. makabayad sa pinag-uutangan
   c. kumita nang malaki
   d. matamong Pilipinas ang pambansang kasapatan

## TANDAAN MO

- May pagpapahalaga ang mga Pilipino na nakatulong o kaya'y nagiging hadlang sa pag-unlad.

- Kailangan ang pagbabago sa mga ilang tradisyunal sa pagpahalaga upang ang mamamayan ay maging makabuluhan at makatulong sa pag-unlad ng bayan.

## GAWIN MO

1. Gumawa ka ng poster ukol sa kahalagahan ng matalinong pagpapasya sa paggamitng likas na yaman.



2. Itala mo ang mga paraan alam mo na isinasagawa ng pamahalaan o pamunuan ng inyong rehiyon upang mapangalagaan ang mga likas na yaman.

PARAANG ISINAGAWA NG PAMAHALAAN O PAMUNUAN NG INYONG REHIYON SA PANGANGALAGA AT PAGPAPAYAMAN SA LIKAS NA YAMAN

| Kagubatan | Pangisdaan | Minahan | Kalupaan |
|---|---|---|---|
| 1.<br><br>2.<br><br>3. | | | |



## PAGTATAYA

Basahin ang bawat bilang. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa inyong notebook.

1. Ang mga likas na yaman ng bansa ay mahalaga sa kabuhayan ng mga tao. Ito aya pangunahing pinagkukunan ng mga mamamayan. Ito ay may hangganan at pagkaubos. Ano ang kailangang gawin ng mga tao?
   a. gamitin ng gamitin upang maubos.
   b. iangkat sa ibang bansa.
   c. gamitin nang maya pag-iingat.
   d. pangalagaan at gamitin nang maayos.

2. Sa iyong kakayahan bilang isang mag-aaral, paano mo pahahalagahan ang paggamit ng likas na yaman?
   a. mag-alaga ng baboy sa tabing ilog upang maging madali ang paglilinis ng kulungan.
   b. panoorin ang mga magsasaka sa kanilang gawain.
   c. pitasin ang mga bulaklak sa hardin.
   d. magtipid sa paggamit ng tubig.

3. Ang mina ay likas na yamang di-napapalitan. Paano ka makikilahok sa mga programa ng pamahalaan upang mapangalagaan ang mga ito?
   a. tunawin ang ginto pilak at iba pa at muling buuin.
   b. gamitin ang mineral kahit walang kuwentang paggamit.
   c. itapon ang mga sirang alahas, kaldero, pilak at ginto.
   d. ipagbili ang mga ginto at pilak sa murang halaga.


4. Ang gubat ay nagsisilbing bulwagan ng ibon at ng mga mababangis na hayop. Paano tayo makatutulong sa pagpapanatili ng kagubatan?
   a. palawakin ang sistema ng pagkakaingin upang lumaki ang aning palay
   b. iwasan ang pagputol ng mga murang puno. Magtanim ng bagong puno bilang kapalit ng pinutol ng puno.
   c. magsiga at iwanan pagkatapos.
   d. pagkakaloob sa mga tao na manirahan sa kagubatan upang mabigyan ng proteksyon ito.

5. Bakit mahalaga ang matalinong pagpapasya hinggil sa paggamit ng likas na yaman?
   a. nagdudulot ng kasaganaan sa kabuhayan ng mga mamamayan at ng mga sumusunod na salinglahi.
   b. para may magamit ang mga tao.
   c. para may maiangkat sa ibang bansa
   d. para may maipagbili at mapagkitaan

## PAGPAPAYAMANG-GAWAIN

Sumulat ng isang slogan na may kaugnayan sa wastong paglinang at pagpapayaman ng mga likas na yaman. Ikaw ay maaring makapamili sa mga uri ng mga likas na yaman sa mga sumusunod.

a. yamang lupa
b. yamang gubat
c. yamang pangisdaan
d. yamang mineral



Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.